REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Pebrero 3, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 36, s. 1999

**PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGGAMIT NG FILIPINO SA PAGTUTURO NG IBA'T IBANG DISIPLINA**

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pansangay na Tagamasid
Puno ng Kagawaran ng Filipino
Puno ng Pampubliko at Pampribadong Paraalan

1. Ang Kapisanan ng mga Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino sa Luzon, sa tangkilik ng Komisyon sa Wikang Filipino at CHED, sa pakikipagtulungan ng Grandwater Publication ay magtataguyod ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo ng mga Iba't Ibang Disiplina sa Mariano Marcos State University, Batac, Ilocos Norte sa Marso 2-4, 1999. Ang pangkalahatang paksa ay "Wikang Filipino: Midyum sa Pagtuturo ng Iba't Ibang Disiplina."

2. Inaasahang pagkatapos ng Seminar-Worksyap, ang mga kinatawan ay:

a. magkaroon ng higit na mataas na kaalaman at kamalayang pangwika;
b. pagtatamo ng dagdag na kahusayan sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng iba't-ibang disiplina; at,
k. makabubuo ng mga listahan/glosaryo ng mga teknikal na bokabularyo.

3. Ang mga dapat na dumalo sa komperensyang ito ay ang mga panrehiyon/pansangay/pandistrito na superbisor sa Filipino at iba pang disiplina tulad ng Agham Panlipunan, Edukasyong Pagpapahalaga, PEHM, Humanidades, Agham at Teknolohiya o alinmang asignatura na ang ginagamit na midyum sa pagtuturo ay Filipino, puno/tagapag-ugnay ng Filipino o sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya at sekundarya, pribado at pampamahalaan man, mga miyembro ng iba't-ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon at mga guro/instruktor/propesor ng wika. Ang mga partisipant ay maaaring dumalo ng opisyal na oras.

4. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam lamang sa Telepono Blg. (077) 792-3191 kay:

Dr. Perla G. Ulit
CETC Bldg.
Mariano Marcos State University
Batac, 2906, Ilocos Norte

5. Inaasahan ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

**Sanggunian:**
**W a l a**

**Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)**

**Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:**

**Course of Study, FILIPINO**
**SEMINARS**
**WORKSHOPS**